GOVERNMENT OF WESTERN AUSTRALIA
Department of
Primary Industries and
Regional Development

Protect
Grow
Innovate

# Panghuhuli ng mga alimangong blue swimmer



**Ipinapatupad ang mga patakarang ito para matiyak na masustena ang mga populasyon ng alimango sa kabuuang estado**

## Pakitandaan:

⚠ **Ilog Swan at Canning hanggang Minninup Beach (Rich Rd, 15km timog ng Bunbury):** Sarado sa lahat ng panguhuhuli ng alimango **Setyembre 1 hanggang Nobyembre 30.** Kabilang dito ang Cockburn Sound, at ang lahat ng mga katubigan, ilog at estero sa lugar na ito.

**Inilathala Nobyembre 2025**

# Mga Nilalaman

Mga pagsasara sa panghuhuli ng alimango sa bioregion ng West Coast ......... 1
Minimum na limitasyon sa laki na 127mm ... 2
Pang-araw-araw na bag limit ........................ 3
Lisensya sa Bangka para sa Recreational na Pangingisda (Recreational Fishing from Boat Licence o RFBL) .................................. 3
Limitasyon sa bangka (limitasyon ng pag-aari sa bangka) ..................................... 4
Agad na pagpapakawala .............................. 5
Pangunguha ng mga alimango ..................... 6
Pagkilala ..................................................... 6
Aprubadong kagamitan para sa panghuhuli ng alimango ............................... 7
Babalang pangkalusugan .............................. 9


## Mahalagang Pagtatatwa

Ang Punong Ehekutibong Opisyal ng Department of Primary Industries and Regional Development at ng State of Western Australia ay walang tinatanggap na pananagutan maging anupaman nang dahil sa kapabayaan o ibang bagay dahilan sa paggamit o pagpapalabas nitong impormasyon o anumang bahagi nito.

Itong lathala ay upang magbigay ng tulong o impormasyon. Ito ay isang gabay lamang at hindi pinapalitan ang Fish Resources Management Act 1994 o ang Fish Resources Management Regulations 1995. Hindi ito magagamit bilang depensa sa hukuman. Ang impormasyong ibinigay ay nasa tamang panahon nang inilathala ngunit maaaring may binago. Para sa pinaka nasa-tamang-panahon na impormasyon sa pangingisda at buong detalye ng batas, kontakin ang inyong lokal na tanggapan ng DPIRD o bumisita sa **dpird.wa.gov.au**

Kopirayt © Estado ng Western Australia (Department of Primary Industries and Regional Development), 2025.

# Mga pagsasara sa panghuhuli ng alimango sa bioregion ng West Coast




**Swan at Canning rivers hanggang Minninup Beach (Rich Rd, 15km timog ng Bunbury)**

Sarado para sa lahat ng pangingisda ng alimango mula ika-1 ng Setyembre hanggang ika-30 ng Nobyembre. Kabilang dito ang Cockburn Sound, at ang lahat ng mga katubigan, ilog at estero sa lugar na ito.


# Minimum na limitasyon sa laki na 127mm




Kapag ang isang alimango ay nariyan na sa iyong lalagyang bag, esky o batya, iyan ay binibilang na bale iyong huli. Sukatin at bilangin kaagad ang iyong mga nahuli. Huwag hintaying pagnakabalik na sa kati.

Sukatin ang bawat alimango mula sa dulo ng mga pangsipit hangagng sa pinakamalapad na bahagi ng katawan. Sukatin nang tumpak gamit ang isang panukat ng alimango na mabibili mula sa mga tackle shop. Ang paggamit ng ibang ibang bagay para manukat, gaya ng isang lata ng inumin o ruler, ay puwedeng humantong sa mga pagkakamali.

## Mga marine bioregion ng Western Australia



# Pang-araw-araw na bag limit

### West Coast Bioregion (WCB)

**Mga ilog ng Swan at Canning at Cockburn Sound: 5 alimango** bawa’t tao, bawa’t araw.

**Geographe Bay:** 10 alimango bawa’t tao, bawa’t araw. Maximum na **5 babaeng** alimango bilang bahagi ng bag limit na **10** alimango kada tao kada araw.

**Lahat ng iba pang mga lugar sa WCB:** **10** alimango bawa’t tao, bawa’t araw.

### South, Gascoyne at North Coast Bioregions

**20** alimango bawa’t tao, bawa’t araw.

Hindi ka puwedeng manghuli ng mga alimango para sa ibang tao. Maingat na bilangin ang iyong nahuli, ang limitasyon kada bag ay mahigpit na pinaiiral para protektahan ang mga breeding stock, kaya tumigil sa panghuhuli kapagka naabot mo na ang iyong hanggahan (limit). Ang ‘highgrading’ (panghuhuli ng mga alimango at itinatapon pagkatapos) ay nagpapahirap sa pagpaparami ng alimango dahil ang mga itinapong mga hayop ay baka lamang tuluyang mamatay.

# Lisensya sa Bangka para sa Recreational na Pangingisda (Recreational Fishing from Boat Licence o RFBL)

Kung mayroon kang de-motor na bangka na ginagamit para manghuli ng mga alimango o para makarating sa iyong lokasyon ng pangingisda, kailangang may kahit isang tao na nakasakay na may RFBL. Puwede kang mag-apply para sa isang RFBL sa aming mga website o tanggapan.

# Limitasyon sa bangka (limitasyon ng pag-aari sa bangka)

## West Coast Bioregion (WCB)

**Mga ilog ng Swan at Canning at Cockburn Sound: 20** alimango bawa't bangka kung may 4 o mahigit pang nakasakay na mga mangingisda na may lisensya.

**Geographe Bay: 20** alimango bawa't bangka na may maximum na **10 babaing alimango** kung may 2 o mahigit pang nakasakay na mga mangingisda na may lisensya.

**Lahat ng iba pang mga lugar sa WCB:**
**20** alimango bawa't bangka kung may 2 o mahigit pang nakasakay na mga mangingisda na may lisensya.

## South, Gascoyne at North Coast Bioregions

40 alimango bawa't bangka kung may 2 o mahigit pang nakasakay na mga mangingisda na may lisensya.

> **Tandaan:** Kapag nangingisda ng alimango sa bangka, maaari mo lamang kunin ang limita sa bag batay sa dami ng lisensyadong mangingisdang nakasakay sa bangka, ayon sa atas ng rehiyon na pinanghuhulihan mo. Halimbawa, kung mayroong 4 na kataong nakasakay sa iyong bangka sa Cockburn Sound ngunit 2 lamang ang mayroong RFBLs, 10 mga alimango (pinagsama) lamang ang maaaring hulihin batay sa pang-araw-araw na limita sa bag na 5 alimango bawa't katao, bawa't araw sa lugar na iyon.

# Agad na pagpapakawala

Ang anumang mga alimangong kulang sa laki o mga babaeng may itlog (‘berried’) ay dapat ibalik kaagad sa tubig, bago subukang manghuli ng iba pang alimango.

**Mga nangingitlog na babae**

Dapat ibalik sa tubig



Ang mga berried (may itlog) na babae ay may spongy mass ng mga itlog sa ilalim at dapat itong ibalik kaagad sa tubig.

Sa pagsasauli ng mga alimangong nahuli sa pamamagitan ng scoop net, ibaba ang scoop net pabalik sa tubig at hayaang makawala kusa ang alimango. Kung gumagamit ng drop nets, ang kulang sa sukat o buntis na alimango ay dapat na maibalik sa tubig muna bago pa iahon ang susunod na drop net. Huwag ihahagis ang mga alimango, marahang ibaba sila sa tubig kaagad.

Ilegal ang pangunguha ng ganitong mga alimango at puwede itong magresulta sa mga multang nagkakahalaga nang hanggang $5,000 (bukod pa sa mga sapilitang parusa).

I-scan para mapanood ang aming video na Mandurah Blue Swimmer Crabs, paano ang pangangasiwa at pagsusukat.


## Pangunguha ng mga alimango

Ang lahat ng alimangong hindi pa luto ay dapat panatilihin nang buo, maliban kung inihahanda ito para sa kaagad na pagkain.


## Pagkilala

Ang mga lalaking alimango ay mas malaki at mas makulay kaysa sa mga babae, at mayroon itong matingkad na asul sa mga binti at  panipit. Ang mga babaeng alimango ay karaniwang mottled brown. May pagkakaiba din sa ilalim – ang talukap sa dibdib (abdominal flap) na hugis V sa lalaki ay manipis at may anggulo, habang ang talukap (flap) ng isang babaeng alimago ay malapad at pabilog.

Lalaki



Babae



## Aprubadong kagamitan para sa panghuhuli ng alimango

Ang mga alimango ay dapat lang hulihin nang mano-mano o gamit ang mga nahahawakan sa kamay (hand-held) na wire o plastic scoop net, drop net o hand-held na blunt wire hook. Hindi dapat kayang matusok ng mga kawit ang alimango.

Ang mga scoop net ay dapat na hugis mangkok at gawa sa matigas na alambreng lambat na hindi posibleng makakapulupot sa isang alimango. Hindi dapat lalalim nang 210mm ang mga scoop net; ang panloob na kabilugan (internal diameter) ay hindi dapat lalaki pa sa 375mm.


Ang mga drop net ay hindi dapat lumampas sa diameter na 1.5m. May maximum na limitasyon na 10 drop net kada tao o 10 drop net kada bangka, gaano man karaming tao ang nakasakay sa bangka.

Pinahihintulutan din ang pagsisid para sa mga alimango.

Ilegal ang panghuhuli ng mga alimango gamit ang iba pang mga paraan kasama ang mga lambat o prawn trawl o dip net – dapat pakawalan ang anumang alimangong mahuhuli gamit ang paraang ito. Ipinagbabawal ang paggamit ng mga crab rake.


### Sunod sa batas:


Alambreng pangkawit, drop net o kaya scoop net





## Labag sa batas:

Crabbing rake, landing net, pang-komersyal na klaseng bilugang pangsilo, mga lambat sa pangisda, mga lambat pamalakaya ng hipon (prawn trawls) o kaya mga dip net









# Babalang pangkalusugan

Ang mga lason (toxins) ay maaaring maipon sa loob ng mga alimango.
Inirerekomenda na tanggalin ang pang-itaas na shell, lamang-tiyan (mustard) at mga hasang mula sa **blue swimmer** na mga alimangong nahuli sa Swan at Canning rivers **at Cockburn Sound** bago ipayelo, lutuin o kainin ang mga ito. I-scan ang QR code para matutunan kung paano ang tamang paglilinis ng mga alimango.

**Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang dpird.wa.gov.au/alexandrium**

May mga mataas na lebel (elevated level) ng nakakalasong algal bloom na mga kaganapan ng *Alexandrium*, isang uri ng alga, na na-detect sa ilog Swan at Canning at puwede itong mangyari taun-taon. Ang ay puwedeng maglabas  ng isang uri ng lason na Paralytic Shellfish Toxin (PST) na nagba-bioaccumulate sa crustacea at tahong.

Ang pagluluto o pag-freeze ng mga buong crabs ay hindi nakakasira sa mga PST na ito. Ang lahat ng alimango ay dapat pa ring dalhin nang buo sa iyong bahay*, maliban kung plano mong kainin kaagad ang mga iyon.

Ang bahay ay ang iyong pangunahing tirahan ayon sa regulasyon 3 ng *Fish Resources Management Regulations 1995*.

I-scan ang QR code para sa mga patakaran sa panghuhuli ng alimango ( makakakuha sa ilang wika).

**dpird.wa.gov.au/rec-fishing-guides**

Chinese simplified

Tagalog (Filipino)

Chinese traditional

Thai

Indonesian

Vietnamese

Karen

English

## kontakin kami

1300 374 731 (1300 DPIRD1)

enquiries@dpird.wa.gov.au

Para sa pinaka-up-to-date na impormasyon, kasama ang mga patakaran at lisensya, bisitahin ang **dpird.wa.gov.au/rec-fishing-guides** o kumontak sa iyong lokal na tanggapan ng DPIRD bago mangisda.

**dpird.wa.gov.au**

FISHWATCH
REPORT
Illegal fishing
Pests and diseases
Fish kills
1800-815-507
24 HOUR REPORTING

Scan to report online

ABN: 18 951 343 745

PB027-25 NOV 2025

Illustrations © R.Swainston/animafish.com